IMPORTANT: This document contains information that is no longer current but remains on our site for reference purposes.

U.S. Citizenship and Immigration Services

Tip Sheet ng DACA

Sa isang sulyap: Pauna kumpara sa Renewal na proseso ng DACA

Paunang Kahilingan ng DACA	Renewal ng DACA
Mga Patnubay	**Mga Patnubay**
Maaari ninyong hilingin ang konsiderasyon sa paunang DACA kung kayo ay: ▪ Mas bata pa sa 31 taong gulang noong Hunyo 15, 2012; ▪ Nakarating sa Estados Unidos bago ka umabot sa iyong ika-16 na kaarawan. ▪ Patuloy na nanirahan sa Estados Unidos mula Hunyo 15, 2007, hanggang sa ngayon; ▪ Pisikal na nasa Estados Unidos noong Hunyo 15, 2012; at sa panahon nang iyong naisumite ang iyong kahilingan para sa konsiderasyon sa ipinagpaliban na pagkilos sa USCIS; ▪ Walang labag sa batas na katayuan sa imigrasyon noong Hunyo 15, 2012; ▪ Kasalukuyang pumapasok sa paaralan, naka-graduate o nakatamo ng sertipiko ng pagtatapos mula sa high school, nakatamo ng general education development (GED) na sertipiko, o marangal na natapos sa pagsisilbi bilang beterano ng Coast Guard o Hukbong Sandatahan ng Estados Unidos; at ▪ Hindi napatunayang may sala ng isang krimen, matinding paglabag sa batas, tatlo o higit pang paglabas sa batas, at hindi matuturing na isang banta sa pambansang seguridad o kaligtasan ng publiko.	Maaari kayong humiling ng konsiderasyon ng renewal ng DACA kung nakakatugon kayo sa mga patnubay para sa paunang DACA at kayo ay: ▪ Hindi lumabas sa Estados Unidos noong o pagkatapos ng August 15, 2012, nang walang advance parole; ▪ Patuloy na nanirahan sa Estados Unidos mula nang iyong nasumite ang iyong pinakahuling kahilingan para sa DACA na naaprubahan para hanggang sa ngayon; at ▪ Hindi nahatulan ng isang mabigat na krimen, seryosong paglabag sa batas, o tatlo o mahigit pang paglabag sa batas, at hindi sa ibang paraan nagiging isang banta sa pambansang seguridad o pampublikong kaligtasan.
Paano Humiling ng Paunang DACA	**Paano Humiling ng Renewal ng DACA**
▪ Kumpletuhin at lagdaan: ○ Form I-821D, Consideration of Deferred Action for Childhood Arrivals; ○ Form I-765, Aplikasyon para sa Otorisasyong Makapagtrabaho (Application for Employment Authorization); at ○ Form I-765W, Worksheet. ▪ Isumite ang tatlong form, ang kaukulang bayad na $465 para sa pagsasampa at biometrics, at anumang mga hiniling na dokumento sa USCIS	▪ Kumpletuhin at lagdaan: ○ Form I-821D, Consideration of Deferred Action for Childhood Arrivals; ○ Form I-765, Aplikasyon para sa Otorisasyong Makapagtrabaho (Application for Employment Authorization; at ○ Form I-765WS, Worksheet. ▪ Isumite ang tatlong form at ang kaukulang bayad na $465 para sa pagsasampa at

nang sinusunod ang mga tagubilin sa mga form.	biometrics, at anumang mga hiniling na dokumento sa USCIS nang sinusunod ang mga tagubilin sa mga form. ▪ Huwag magkaloob ng anumang dagdag na dokumento sa oras na inyong hiniling ang renewal ng DACA maliban kung kayo ay may *bagong* mga dokumento hinggil sa mga paglilitis sa pagpapaalis o kasaysayan ng krimen na hindi pa ninyo nasusumite sa USCIS sa isang naunang naaprubahang kahilingan sa DACA.
Kailan dapat Isampa ang Inyong Kahilingan	**Kailan dapat Isampa ang Inyong Kahilingan**
Maaari kayong magsampa ng kahilingan para sa paunang DACA kahit kailan.	Hinihikayat kayo ng USCIS na isumite ang inyong kahilingan para sa renewal ng humigit kumulang sa 120 araw (o apat na buwan) bago ang pagpapaso ng inyong kasalukuyang takdang panahon para sa ipinagpaliban na pagkilos. Gayunman, kung kayo ay magsasampa ng inyong kahilingan para sa pagpapa-renew ng higit sa 150 araw (o limang buwan) bago ang pagpapaso ng iyong kasalukuyang panahon ng ipinagpaliban na pagkilos, maaaring tanggihan ng USCIS ang iyong pagsusumite at isauli ito sa inyo ng may mga tagubilin na isumite muli ang iyong kahilingan ng mas malapit sa petsa ng pagpapaso.